Silangang Bahagi ng Siyudad ng Kani Hazard Map Para sa Baha at Landslide

■Evacuation site at evacuation shelter para sa aking pamilya

■Mga contact information ng aking pamilya

Mga pangalan ng aking kapamilya	Mga contact information ng Kompanya at paaralan	Numero ng cellphone	Email address	Blood type

Patiunang maghanda ng mga bagay na dadalhin sa panahon ng emerhensiya at mga bagay na iiimbak sa bahay.

Depende sa bilang ng miyembro ng inyong pamilya, ihanda sa backpack at iba pa ang mga bagay na pinakakailangan na dadalhin sa panahon ng emerhensiya para madala iyon agad kahit kailan.
Bukod pa rito, para masuportahan ang pamumuhay pagkatapos masalanta ng sakuna, patiunang mag-imbak ng tubig, pagkain, pangaraw-araw na pangangailangan para sa 7 araw bawat tao (o kahit para sa 3 araw bilang pinakakauntit dami).

Mga bagay na dadalhin sa panahon ng emerhensiya
Mga bagay na dadalhin sa panahon ng paglikas

Pangaraw-araw na pangangailangan
- ☐ Nabibitbit na radyo (portable na radyo)
- ☐ Flashlight
- ☐ Ekstrang baterya
- ☐ Lalagyan ng tubig
- ☐ Paper cup
- ☐ Paper plate
- ☐ Disposable chopsticks
- ☐ Abrelata
- ☐ Utility knife
- ☐ Plastic bottle

Mga gamot para sa pang-araw-araw na sakit
- ☐ Band-aid
- ☐ Benda
- ☐ Pandisimpekta
- ☐ Pamahid sa sugat
- ☐ Gamot sa sipon
- ☐ Gamot na panapal
- ☐ Gamot sa tiyan
- ☐ Gamot sa chronic diseases

Mga payong para sa panahon ng tag-ulan
- ☐ Tubig na maiinom
- ☐ Pagkaing de-lata
- ☐ Alpha rice (Instant rice)
- ☐ Crackers, biscuits
- ☐ Pagkaing naka-pack

Malahalagang bagay
- ☐ Pera (barya rin)
- ☐ Bank book
- ☐ Hanko
- ☐ Susi ng bahay at sasakyan
- ☐ Mga card
- ☐ Mobile phone
- ☐ Kopya ng lisensiya sa pagmamaneho at ng seguro sa kalusugan

Iba pa (depende sa pangangailangan)
- ☐ Ekstrang damit
- ☐ Tuwalya
- ☐ Ekstrang salamin sa mata
- ☐ Plastic wrap
- ☐ Wet wipes
- ☐ Supot
- ☐ Gamit na pang-ulan
- ☐ Rekord ng mga resetang gamot
- ☐ Mother and child health handbook (boshitecho)
- ☐ Gatas ng sanggol
- ☐ Bote para sa sanggol
- ☐ Disposable diaper
- ☐ Sanitary napkin
- ☐ Lighter
- ☐ Guwantes
- ☐ Face mask
- ☐ Pocket warmers
- ☐ Mga gamit panulat
- ☐ Address book na naglalaman ng mga contact information
- ☐ Pito (whistle)
- ☐ Ekstrang baterya ng cellphone
- ☐ Hard hat o Hood para sa panahon ng sakuna

Mga bagay na iiimbak sa bahay
Mga bagay na ihahanda para sa ilang araw na pamumuhay hanggang sa pagiging malayos (para sa 3 araw bilang pinakakauntit, at para sa 7 araw kung puwede)

Pangaraw-araw na pangangailangan
- ☐ Diyaryo
- ☐ Toiletries
- ☐ Timba
- ☐ Paper tableware
- ☐ Portable gas stove
- ☐ Lighter
- ☐ Raincoat na may hood
- ☐ Gamit pantahi
- ☐ Sabon
- ☐ Sanitary napkin
- ☐ Utility knife
- ☐ Packing tape na gawa sa tela
- ☐ Tuwalya
- ☐ Guwantes
- ☐ Kandila
- ☐ Sheet sa sahig
- ☐ Lubid
- ☐ Sapatos at tsinelas
- ☐ Tissue
- ☐ Plastic wrap at aluminium foil
- ☐ Portable toilet

Mga pagkain para sa panahon ng emerhensiya
- ☐ Tubig na maiinom (3 litro tig-isang tao sa isang araw)
- ☐ Alpha rice (Instant rice)
- ☐ Crackers, biscuits
- ☐ Pagkaing de-lata
- ☐ Panimpla sa pagkain
- ☐ Pagkaing naka-pack
- ☐ Mga snack gaya ng tsokolate

Mga damit
- ☐ Ekstrang damit at medyas
- ☐ Sombrero
- ☐ Ekstrang panlook na damit
- ☐ Kumot
- ☐ Face mask

Pinapayong maghanda ng 3 litrong tubig bawat tao sa isang araw!

Pag-isipan ding mabuti ang iyong pananamit sa panahon ng paglikas!

- Damit na ligtas at madaling kumilos
  - Hard hat o Hood para sa panahon ng sakuna
  - Guwantes na yari sa tela o leather
  - Backpack
  - Damit na may mahabang manggas at pantalon
  - Sapatos na sanay isuot
- Raincoat at damit na pamproteksiyon sa lamig laban sa ulan at hangin

Maging mapamaraan at maghanda para sa isang linggo na pamumuhay

Una at kalawang araw

- Gamitin muna ang mga pagkain sa loob ng refrigerator at freezer

Mag-imbak sa refrigerator ng mga pagkain, at sa freezer naman ang mga pagkain gaya na kanin, tinapay, gulay, at frozen na pagkain.

Makakain ang frozen na tinapay, gulay, atbp. kung tutunawin lang sa normal temperature.

Kalto ~ kapitong araw

- Rolling stock method

Sa hallip na mag-imbak ng pagkain para lamang sa panahon ng sakuna, bumili ng mga bagay na karaniwang kinakain at ginagamit nang mas marami, at regular na mag-suplay ng mga bagay na inubos at mag-imbak (tinatawag ito sa Japan na rolling stock), at makakapaghanda nang walang hirap at walang sayang gaya ng di-pagkain hanggang sa petsa ng expiration.

- Iba pang bagay na mainam na iimbak sa bahay
  - Pagkaing de-lata
  - Dried noodle (Ramen at pasta)
  - Freeze-dried na pagkain (gaya ng sabaw)

*Higit na ligtas kung ihahanda ang pagkain para sa panahon ng emerhensiya nang 1 linggo sa rolling stock method.
*Ihanda rin ang tubig na maiinom at para sa pamumuhay nang 1 linggo. Ihanda ang tubig na mainom na 3 litro sa isang araw × bilang ng miyembro ng pamilya.

Para maingatan ang iyong buhay mula sa pagbaha

Mga paalaala sa paglikas sa baha

Maagang lumikas sa ligtas na lugar bago umapaw ang tubig
Delikado ang paglikas habang umaapaw ang tubig. Tiyakin kung may available na impormasyon gaya ng paglikas bago ng pag-apaw ng tubig, at hanapin ang mga tanda para sa paglikas.

Kapag nagsimula na ang pag-apaw ng tubig
Huwag piliting lumikas kapag nagsimula na ang pag-apaw ng tubig, at ingatan ang iyong sarili sa mataas na gusali malapit sa bahay mo o sa mataas na dako sa iyong bahay.

Sa panahon ng paglikas sa pagbaha, tandaan ang sumusunod.

Hindi malinaw na makikita ang iyong nilalakaran dahil sa maruming tubig. Kapag natanggal na ang takip ng manhole at kanal sa daan, maaari kang mahulog at delikado.



Umiwas sa paggamit ng mga daan kung saan mas mababa at madaling umapaw ang tubig, gaya ng underpass sa ilalim ng tulay.

Kamakailan, dahil sa malakas na pag-ulan sa isang maliit na lugar sa maikling oras o sa mahaba-habang oras, nangyayari ang matinding pinsala sa bawat lugar. Sa ilog, inaasahang mangyayari ang mga aksidente sa mababang bahagi ng ilog kung saan hindi umulan nang malakas, dahil sa malakas na ulan sa mataas na bahagi ng ilog na hahantong sa biglang pagdami ng tubig. Sa mga gawain habang nasa labas, kailangan ng pag-iingat gaya ng hindi pagpunta para tumingin sa ilog o kanal kung saan dumarami ang tubig.

Kung magsimulang umulan

Dapat lumikas bago maging "Antas ng pag-iingat 4"!

Antas ng pag-iingat	1	2	3	4	5
Kalagayan	Inaasahang ipahayag ang babala sa malakas na ulanhanggang sa susunod na araw.	May panganib ng pangyayari ng sakuna.	May panganib ng pangyayari ng matinding sakuna, Maaaring ilabas ng siyudad ang utos ng "**paglikas ng mga matatanda**".	Dumarami ang panganib ng pangyayari ng sakuna. Ilalabas ng siyudad ang "**utos ng paglikas**".	**Kasalukuyang nangyayari ang sakuna.** Kapag nalaman ng siyudad ang aktuwal na pangyayari ng sakuna, ilalabas nito ang utos ng "**emerhensiyang pagtiyak sa kaligtasan**".



Makinig sa weather forecast!

Sa panahon na may panganib na mangyari ang sakuna dahil sa malakas na ulan, ipapahayag ng Japan Meteorological Agency (JMA) ang impormasyon sa pag-iwas sa sakuna at sa lagay ng panahon, gaya ng babala at payo na mag-ingat.

Emerhensiyang kalagayan	
Kapag nagpapatuloy ang napakatinding ulan	Malubhang babala sa malakas na ulan
Kapag nagpapatuloy ang malakas na ulan	Babala sa malakas na ulan, babala sa baha
Kapag lumalakas ang ulan	Payo na mag-ingat sa malakas na ulan, payo na mag-ingat sa baha

NHK data broadcasting
Pindutin ang d button sa remote control

Japan Meteorological Agency (JMA)
URL http://www.jma.go.jp

Impormasyon sa pag-iwas sa sakuna sa mga ilog ng Gifu Prefecture
URL http://www.kasen.pref.gifu.lg.jp

Mag-ingat sa impormasyon sa taas ng tubig!

Papalapit na ang panganib ng baha	**Ipapasiya ng siyudad ang paglalabas ng utos ng paglikas.** Mga residente, pakisuyong **lumikas**.
Aapaw ang ilog kung magpapatuloy ang ganitong pag-ulan	**Ipapasiya ng siyudad ang paglabas ng utos ng paglikas ng mga matatanda.** Mga mangangailangan ng panahon para sa paglikas at mga sumusuporta ng mga ito, pakisuyong **magsimulang lumikas**.
Mas mataas ang tubig kaysa sa karaniwan	**Naka-standby ang flood control team**

●Impormasyon sa taas ng tubig sa mga ilog



Para maingatan ang buhay mula sa sakuna ng pagguho ng lupa

Mga paalaala sa paglikas sa panahon ng sakuna ng pagguho ng lupa

Agad na lumikas habang nag-iingat sa ulan at mga pangyayaring nagpapakita ng pagsapit ng panganib
Napakahirap na ilabas ang impormasyon sa paglikas para sa sakuna ng pagguho ng lupa. Kahit walang available na impormasyon, hanapin ang mga tanda para magkusang lumikas.

Kung delikadong lumabas dahil sa malakas na ulan
Kapag sa tingin mo ay delikadong pumunta sa evacuation site, huwag piliting lumikas, sa halip ingatan ang iyong sarili sa ikalawa o mas mataas na palapag ng matibay na gusali na malayo sa matarik na lugar.

Sa panahon ng paglikas mula sa sakuna ng pagguho ng lupa, tandaan ang sumusunod.

Kung inaasahang magpapatuloy ang pag-ulan sa buong magdamag, lumikas bago dumilim.

Piliin ang daan na malayo sa matarik na lugar o ilog na dumarami ang tubig.

Kapag nadarama ang panganib sa palibot mo, tumakbo sa gusaling mataas at matibay.

Kung magsimulang umulan

Dapat lumikas bago maging "Antas ng pag-iingat 4"!

Antas ng pag-iingat	1	2	3	4	5
Kalagayan	Inaasahang ipahayag ang babala sa malakas na ulanhanggang sa susunod na araw.	May panganib ng pangyayari ng sakuna.	May panganib ng pangyayari ng matinding sakuna, Maaaring ilabas ng siyudad ang utos ng "**paglikas ng mga matatanda**".	Dumarami ang panganib ng pangyayari ng sakuna. Ilalabas ng siyudad ang "**utos ng paglikas**".	**Kasalukuyang nangyayari ang sakuna.** Kapag nalaman ng siyudad ang aktuwal na pangyayari ng sakuna, ilalabas nito ang utos ng "**emerhensiyang pagtiyak sa kaligtasan**".

Magbigay-pansin sa impormasyon sa pag-iingat sa sakuna ng pagguho ng lupa!

Impormasyon sa pag-iingat sa sakuna ng pagguho ng lupa
Kung tataas ang risk ng landslide, magpapahayag ang Gifu Prefecture at Japan Meteorological Agency (JMA) na magkasama pagkatapos isaalang-alang ang dami ng ulan sa lugar.

NHK data broadcasting
Pindutin ang d button sa remote control

Portal ng impormasyon sa pag-iingat sa sakuna ng pagguho ng lupa ng Gifu
URL https://alert.sabo.pref.gifu.lg.jp/web_pub

Kapag nakita ang pangyayaring nagpapakita ng pagsapit ng panganib

Mahalaga na patiunang tiyakin kung paano ibahagi ang impormasyon sa iba at gumawa ng pagsasanay bilang boluntaryong grupo para sa pag-iwas sa sakuna.

Patiunang magkakasamang magpasiya sa iyong lugar ng mga tagubilin kung paano lumikas
⇒ evacuation site, mga tanda para sa paglikas, kung paano ibahagi ang impormasyon, atbp.
→ Kapag nakikita ang mga tanda para sa paglikas, sabihin iyon sa lahat
→ Kausapin ang iba para magkakasamang lumikas

Mag-ingat sa ulan!

Mag-ingat kung ang dami ng ulan ay mahigit 20 mm sa isang oras, o mahigit 100 mm mula nagsimulang umulan.

Dami ng ulan sa isang oras: 20 mm
Malakas na ulan na dahil dito mahirap makita ang harap mo kahit pinagagalaw ang wiper ng iyong sasakyan

Kabuuang dami ng ulan 100 mm
Dadami ang panganib ng landslide kung tuloy-tuloy ang pag-ulan sa mahabang oras kahit mahina lamang ito.

Paunang senyales ng daloy ng lupa

Dumadagundong ang bundok. | Kumakaunti ang dami ng tubig ng ilog kahit umuulan. | Nagjiging marumi ang tubig ng ilog, o dumadaloy ang mga kahoy.

Mga senyales ng landslide

Nahuhulog ang maliliit na bato sa bangin. | Dumarami ang tubig na nagmumula sa bangin o nagiging marumi ang kulay nito. | Huminto na ang tubig na nagmumula sa bangin, o nababuo ang bitak sa bangin.

Ano ang lugar kung saan dapat mag-ingat sa landslide?

Lugar kung saan dapat mag-ingat sa landslide
[Yellow zone]
Tumutukoy ito sa lugar kung saan kinikilalang may panganib sa buhay o katawan ng mga residente kapag nangyari ang sakuna ng pagguho ng lupa

Lugar kung saan dapat higit na mag-ingat sa landslide
[Red zone]
Tumutukoy ito sa lugar kung saan kinikilalang may panganib ng pagkakaroon ng pinsala sa mga gusali at may matinding pinsala sa mga residente, sa lugar Kung saan dapat mag-ingat sa landslide.

Pagkakaiba ng pinsala dahil sa tubig sa loob ng dike at pinsala dahil sa tubig sa ilog



Kapag nagpapatuloy ang matinding pag-ulan, aapaw ang tubig mula sa manhole at kanal sa daan, at mangyayari ang pinsala dahil sa umaapaw na tubig (pinsala dahil sa tubig sa loob ng dike). Bukod pa rito, kailangan pang mag-ingat sa taas na tubig sa ilog.

Dapat agad na lumikas ang mga taong nakatira sa lugar kung saan kailangan ng paglikas mula sa bahay. Ang ibang tao ay kailangang lumikas sa ligtas na lugar gaya ng mataas na lugar.

Kapag nagpapatuloy ang matinding pag-ulan nang pasumpung-sumpong, bukod pa sa umaapaw na tubig na hindi kasya sa daluyan ng tubig ng ulan (pinsala dahil sa tubig sa loob ng dike), mangyayari ang matinding pinsala dahil sa umaapaw na tubig gaya ng pag-apaw ng tubig mula sa ilog at pagsira sa dike (pinsala dahil sa tubig sa ilog).

Kailangang tumugon sa impormasyon sa paglikas gaya ng payo sa paglikas, at agad na lumikas sa ligtas na lugar.

Mga itinakdang evacuation shelter

Pangalan ng distrito	ID	Pangalan ng pasilidad	Mga pasilidad na pinakaloob ng mga gusaling Pinsalang dulot ng lindol	Pinsalang dulot ng mga baha	Lugar	Numero ng telepono
Imawatari	1	Imawatari District Center	Paalalang L2		1521-4 Imawatari	25-2602
	2	Welfare center (Welfare shelter)			682-1 Imawatari	62-1555
	3	Sonan Junior High School	Paalalang L2		112 Imawatari	62-1010
	4	Imawatari Kita Elementary School			1680 Imawatari	63-1500
Kawai	5	Kawai District Center	Paalalang L2		2-14 Kawaikita	63-4339
Shimoedo	6	Shimoedo District Center			1673 Shimoedo	63-4751
	7	Imawatari Minami Elementary School			3433-7 Shimoedo	62-1366
Dota	8	Dota District Center	Paalalang L2		2352-2 Dota	25-2217
	9	Dota Elementary School	Paalalang L2		4226-1 Dota	25-2652
Katabira	10	Katabira District Center		Paalalang 2	1011 Higashikatabira	65-2007
	11	Katabira Elementary School			1047 Higashikatabira	65-4802
	12	Minamikatabira Elementary School			2231 Higashikatabira	65-4181
	13	Nishi Kani Junior High School			7-1 Wakabadai	65-6835
	14	Koryo Junior High School		Paalalang 2	593 Higashikatabira	65-7991
	15	Gifu University of Medical Science			4-3-3 Nijigaoka	65-6555
Harusato	16	Harusato District Center	Paalalang L2		407 Yato	65-2006
	17	B & G Marine Center			987-4 Sakado	62-8603
	18	Aged Welfare Center Kanigawaen (Welfare shelter)	Paalalang L2		765 Sakado	61-0248
	19	Harusato Elementary School			642-1 Shio	65-2063
	20	Kani High School			987-2 Sakado	62-1000
	21	Waku Waku Experience Center		Paalalang 2	1071-4 Shuga	65-1515
Himeji	22	Himeji District Center			1530 Shimogiri	62-0104
	23	L Port Kani		Paalalang 2	1-37 Himegaoka	61-0111
Hiramaki	24	Hiramaki District Center			2547-4 Nino	62-0067
	25	Aged Welfare Center Fukujuen (Welfare shelter)			347-2 Omori	63-3333
	26	Asahi Elementary School			2078-3 Omori	62-0302
Sakuragaoka	27	Sakuragaoka District Center			6-1-1 Saitsukigaoka	64-0051
	28	Sakuragaoka Elementary School			5-55-2 Sakuragaoka	64-0700
	29	Higashi Kani Junior High School			4-71 Saitsukigaoka	64-2700
	30	Teikyo University Kani Senior High School			1-1 Katsuragaoka	64-3211

Pangalan ng distrito	ID	Pangalan ng pasilidad	Mga pasilidad na pinakaloob ng mga gusaling Pinsalang dulot ng lindol	Pinsalang dulot ng mga baha	Lugar	Numero ng telepono
Kukuri	31	Kukuri District Center	Paalalang L2	Paalalang 1	1644-1 Kukuri	64-1120
	32	Toumei Elementary School	Paalalang L2		1945 Kukuri	64-1128
Hiromi	33	Hiromi District Center			7-77 Hiromi	62-2101
	34	Sogokaikan	Paalalang L1		1-5 Hiromi	62-1111
	35	Chubu Junior High School			1086 Hiromi	62-1161
	36	Hiromi Elementary School		Paalalang 2	71-1 Hiromi	62-1551
Hiromi Higashi	37	Hiromi Higashi District Center	Paalalang L2	Paalalang 2	1736 Seta	62-4063
Nakaedo	38	Nakaedo District Center	Paalalang L1		1896-1 Nakaedo	62-8722
	39	Kani Technical High School			2358-1 Nakaedo	62-1185
Kaneyama	40	Kaneyama District Center	Paalalang L2	Paalalang 1	701-1 Kaneyama	59-2116
	41	Kaneyama Elementary School		Paalalang 1	1444-1 Kaneyama	59-2211
	42	Kaneyama Nursery School	Paalalang L2	Paalalang 1	482-2 Kaneyama	59-2102
	43	Aged Welfare Center Yasuragikan (Welfare shelter)		Paalalang 1	1011-1 Kaneyama	59-2223
Tajimi	44	Minamihime Elementary School			1237-1 Oyabucho	0572-27-6078
	45	Nemoto Elementary School			4-6-5 Takanecho	0572-27-4646
	46	Hokuryo Junior High School			10-6 Asahigaoka	0572-27-6068
	47	Tajimi Toseien			5-411 Kotaki Oradacho	0572-25-6997

Halimbawa
- Urang evacuation shelter (Evacuation center na bubuksan kahit maliliit o maliit ang sakuna. Maaari ilong buksan bilang voluntary evacuation site depende sa impormasyon sa lagay ng panahon, gaya ng sa panahon ng bagyo.)
- Ikalawang evacuation shelter (Evacuation center na bubuksan kapag hindi kasya sa mga urang evacuation center lang.)
- Ikatlong evacuation shelter (Evacuation center na bubuksan bilang karagdagan sa nabanggit na mga evacuation center o bubuksan ayon sa kasunduan para sa sakuna.)
- Ilinakdang cross-border na evacuation shelter (Magagamit ito kapag binuksan na ng Siyudad ng Tajimi ang mga evacuation center.)

Evacuation Area

Pangalan ng pasilidad	Lugar
Fureai Park / Midori-no-Oka	1269-38 Hazaki
Roadside Station CANITTE	416-1 Kakida
Kani Sports Park	987-4 Sakado

Paalalang L1: Dahil nasa ibob ng lugar kung saan inaasahang mangyayari ang pag-apaw ng tubig dahil sa pag-ulan na magiging saligan ng pag-ayos sa mga ilog, kailangang tiyakin nang mabuti ang kalightasan ng pasilidad sa panahon ng paglikas kung kailan inaasahan ang pinsala dahil sa tubig.
Paalalang L2: Dahil nasa lugar kung saan inaasahang umapaw ang tubig dahil sa pinakamataas na pag-ulan, kailangang tiyakin ang kaligtasan ng pasilidad sa panahon ng paglikas kung kailan inaasahan ang pinsala dahil sa tubig.
Paalalang 1: Dahil nasa lugar kung saan dapat mag-ingat sa landslide, kailangang tiyakin ang kaligtasan ng pasilidad sa panahon ng paglikas kung kailan inaasahan landslide.
Paalalang 2: Dahil nasa lugar kung saan dapat mag-ingat sa landslide ang palibot ng pasilidad, kailangang tiyakin ang kaligtasan ng pasilidad sa panahon ng paglikas kung kailan inaasahan ang landslide.

Kung paano makukuha ang impormasyon

Serbisyo ng Siyudad ng Kani na ipamahagi ang mga email
Emergency email sa panahon ng sakuna "Sugu Mail Kani"

Kung magpaparehistro ka sa serbisyo ng Siyudad ng Kani na ipamahagi ang mga email na "Sugu Mail Kani", matatanggap mo ang mga email na may impormasyon sa pag-iwas sa sakuna, impormasyon sa lagay ng panahon, at iba pa sa iyong cellphone, smartphone, at PC. Walang bayad para sa pagpaparehistro dito. (Ang halaga para sa komunikasyon sa internet ay babayaran ng nagpaparehistro)

■ Magparehistro gamit ang cellphone o smartphone
Email kani@sg-m.jp
Magpadala ng blank mail sa email address na nasa itaas.
Hindi kailangang i-type ang email address kung i-scan ang QR code.

Hanapin ang impormasyon sa TV
■ d button sa TV (NHK data broadcasting)
Kung available sa iyong TV ang data broadcasting, sa pagpindot sa d button sa remote control, makikita ang impormasyon sa pag-ulan at impormasyon sa mga ilog.
■ CTK Cable TV Kani
Makikita sa channel 11 ang live na video mula sa mga camera na nasa Siyudad ng Kani at Bayan ng Mitake, at sa panahon ng bagyo at malakas na ulan, ibo-broadcast ang taas ng tubig ng Ilog Kani at data ng dami ng ulan sa mga lugar.

Hanapin ang impormasyon sa radyo
Magagamit ang radyo para sa pagkontak sa kapamilya at kakilala kapag nagiging mahirap na kontakin ang iba sa telepono sa panahon ng sakuna.

FM	FMrara	76.8 MHz	AM	Gifu Broadcasting System (GBS) 1431 kHz
	Radio 80 (Gifu FM)	80.0 MHz		Tokai Radio Broadcasting 1332 kHz
	NHK FM Gifu	83.6 MHz		Chubu-Nippon Broadcasting (CBC) 1053 kHz

Magagamit ang radyo para ma makontak ang pamilya at kakilala kung mahirap silang matawagan sa telepono sa panahon ng sakuna.

Disaster Emergency Message Dial 171 (NTT)
URL https://www.ntt-west.co.jp/dengon/

Disaster Emergency Message Board (web171) (NTT)
URL https://www.ntt-west.co.jp/dengon/web171/

Sistema ng pagpapadala ng emerhensiyang impormasyon gamit ang FM rara
Gamit ang programa ng FM rara, ibo-broadcast ang audio ng emerhensiyang impormasyon mula sa radyo ng gobyerno para sa pag-iwas sa sakuna. Sa sistemang ito, makakarinig ka ng real-time na emerhensiyang impormasyon para sa pag-iwas sa sakuna, at iba pa gamit ang FM radio at smartphone (kailangan ng pagpaparehistro sa FM++).

■ Magparehistro sa FM++
Ma-i-install ito kung i-scan ang QR code sa kanan.
Sa iPhone | Sa Android

Hanapin ang impormasyon sa internet
Website ng Kani City Hall
URL https://www.city.kani.lg.jp/
Facebook ng Lungsod ng Kani
URL https://www.facebook.com/kanishiyakusho/
Twitter ng Lungsod ng Kani
URL https://mobile.twitter.com/kanicity
LINE account ng Lungsod ng Kani
Kaibo bilang friend https://lin.ee/ImnBghQ

*Magagamit ang "Disaster Emergency Message Board" kung saan matitiyak ang kaligtasan ng iba gamit ang cellphone at smartphone. Para sa detalye, pakisuyong tingnan ang impormasyon na inilalaan ng bawat kompanya ng cellphone.
Ang "QR Code" ay registered trademark ng Denso Wave Incorporated.

Ikaw mismo ang magpapasiya ng paglikas at pagkilos

Ingatan ang buhay — **Alamin ang sakuna sa iyong lugar**
- Tiyakin kung saan may panganib ng pinsala dahil sa tubig at ng sakuna ng pagguho ng lupa gamit ang hazard map.

Ingatan ang buhay — **Para maingatan ang buhay, gawin agad kung ano ang magagawa ngayon**
- Tiyakin ang evacuation site.
- Tiyakin kung paano makakuha ng impormasyon.

Kailangan ng pagkilos mo mismo gaya ng paglikas para maingatan ang iyong sarili mula sa sakuna. Huwag masyadong magkumpiyansa sa sarili, o masyadong nakadepende sa iba. Laging magkaroon ng determinasyon na ingatan mo ang iyong sariling buhay.

Magkakasamang lumikas at maging ligtas kasama ng lahat

Magtulungan — **Kilalanin ang lahat sa iyong lugar**
- Kausapin ang iba nang regular.
- Alamin kung sinu-sino ang mangangailangan ng suporta sa panahon ng paglikas.
- Pag-usapan kung paano lumikas.

Magtulungan — **Kausapin ang iba at magkakasamang lumikas**
- Kausapin ang iba sa panahon ng paglikas.

Kahit sumasapit ang panganib ng sakuna. Hindi madaling makapagpasiya ng paglikas kapag nag-isa lang. Bukod pa rito, sa iyong lugar, mayroon ding taong mahirihirapang lumikas sa sariling sikap lang. Patiunang tiyakin kung paano nga hindi ikaw lang, kundi ang iba rin sa iyong lugar na magkakasamang lumikas at makipagtulungan sa isa't isa.